

MGA PAMAMARAAN UKOL SA BASF COMPLAINTS MECHANISM

Sino ang maaaring kumontak sa Hotline?

Maaaring kontakin ang Hotline ng lahat ng tao, kasama ang mga empleyado at third party partners ng BASF.

Anu-anong mga reklamo ang pwedeng i-submit?

Ang Hotline ay isang condifental channel kung saan maaaring mag-submit ng kahit ano mang katanungan o mag-report ng concern tungkol sa aktwal o potensyal na misconduct, violation ng regulasyon o batas at ng BASF policies, at ng BASF Global Code of Conduct. Ang mga katanungan o reports ay maaaring tungkol sa anumang kategorya ng aming Global Code of Conduct, tulad ng environment at human rights, paghawak ng pagaari ng kumpanya, batas sa antitrust, korapsyon at panunuhol, kasama na ang data at information protection.

Paano ninyo mako-kontak ang Hotline?

Maaari mong maabot ang BASF Global Compliance Hotline sa pamamagitan ng isang walang bayad na numero ng telepono, o sa aming website. Sa pamamagitan ng sumusunod na link, makikita mo ang partikular na numero ng telepono para sa bansang kung saan ka kumokontak: [EthicsPoint - BASF](#). Kung nais mong maabot kami sa pamamagitan ng web-form, mangyaring sundin ang link na ito: [EthicsPoint - BASF](#). Makikita mo rin doon ang isang QR Code para sa pag-access sa pamamagitan ng mobile phone, kung iyong gusto.

Paano i-ha-handle ang iyong request at ano ang timeline?

Kapag tumawag kayo sa numero ng telepono, ang inyong tawag ay sasagutin ng isang kinatawan mula sa isang call center. Matapos piliin ang iyong nais na wika, isang awtomatikong anunsyo ang gagabay sa inyo sa proseso. Kung wala ang gusto ninyong wika, isang interpreter ang sasali sa tawag para tumulong sa pagsasalin ng inyong alalahanin. Hindi recorded ang mga tawag, at laging pinapangalagaan ang inyong confidentiality. Ito rin ay nasisiguro dahil ang ating Hotline ay pinangangasiwaan mg isang matatag na external provider ng telephony at web-based hotline services. Kung ni-report ninyo ang inyong concern sa web-form, makakatanggap ka ng acknowledgement of receipt galing sa BASF na pinakamatagal na ang 48 oras. Ang electronic summary ng iyong report o inquiry ay ibibigay lamang sa mga tiyak na miyembro ng BASF Compliance Team. Pinapahintulutan din ng Hotline ang anonymous contact sa pagitan ninyo at ng investigation team kung kinakailangan ang karagdagang impormasyon. Samakatuwid, mahalagang regular na i-follow up ang iyong ulat. Para dito, maaari kang tumawag muli sa Hotline, o, kung pinili ninyo ang web-form para sa pagkontak sa amin, maaari kang mag-sign in sa website gamit ang iyong report key at password. Ang tiyak na kinalabasan ng aming mga pagsisiyasat at anumang mga aksyon na aming ginawa ay kumpidensyal. Ang mga investigation teams ay kumikilos nang efficiently as possible upang repasuhin at malutas ang mga bagay. Iba-iba ang bawat imbestigasyon kaya nag-iiba ang haba ng panahong kailangan para malutas ang mga reklamo. Sinisikap ng BASF na harapin nang mabilis ang lahat ng bagay, ibig sabihin, sa halip ng ilang buwan, sinisikap nitong matapos sa ilang linggo, at makabalik sa inyo ukol sa bagay na ito na pinakamatagal na ang tatlong (3) buwan. Sa pagtatapos ng kaso, makakatanggap ka ng isang abiso.

Paano kayo mapapangalagaan sa paghihiganti?

Hindi pahihintulutan ng BASF ang anumang uri ng paghihiganti laban sa sinuman na, in good faith, ay nag-ulat ng isang concern o nakikibahagi sa isang pagsisiyasat, kahit na ang paratang sa huli ay hindi substantiated. Ang anumang paghihiganti ay mahigpit na ipinagbabawal sa BASF at ituturing na malubhang maling pag-uugali. Ito rin ay nakaangkla sa ating Code of Conduct. Samakatuwid, hindi ninyo kailangang matakot sa paghihiganti kapag ipinahayag mo ang iyong mga alalahanin o humingi ng payo. Ang mga empleyado ng BASF na tumatanggap ng mga ganitong ulat ay sinanay upang mapanatili ang confidentiality ng impormasyon na ibinigay sa kanila sa lubos ng kanyang kakayahan. Dagdag pa dito, sinusunod namin ang "need-to-know-principle", na ibig sabihin, ang pag-access sa impormasyon ay pinaghihigpitan at pinapayagan lamang para sa mga kagyat na nangangailangan ng impormasyon para sa paghawak ng kaso. Dagdag pa dito, inilalapat namin ang "approach of independence.". Ang mga taong humahawak ng mga kaso ay walang kinikilingan, malaya sa paghawak ng kaso at nakatali sa secrecy.

Maari ka bang manatiling anonymous??

Oo, maaari ninyong isumite ang inyong concern nang hindi nagpapakilala. Kung nais ninyong i-follow up ang kaso pagkatapos o magbahagi ng karagdagang impormasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa amin muli sa anumang oras, nang hindi din nagpapakilala. Sa kabila ng hindi nagpapakilala maaari mong ibigay ang iyong e-mail address, upang maipaalam sa iyo kung ang BASF ay may isang pagtatanong o nais na makipag ugnay sa iyo tungkol sa iyong kahilingan. Hindi makikita ng BASF o ng external provider ng hotline ang iyong e-mail address. Sa gayon, napapanatili ang iyong anonymity.

Pagsusuri ng pagiging epektibo

Aming nirerepaso ang pagiging epektibo ng complaints mechanism sa ad hoc basis, kung kinakailangan, nang isang beses sa isang taon.

Competence

Ang internal competence para sa Hotline at BASF ay nasa dibisyon ng Corporate Compliance (compliance@basf.com).